VOL. 20 2023 1ST QUARTER

The Family Learning Connection

(Ang Konekyson sa Pag-aaral ng Pamilya)

Pinag-iisa ang mga Pamilya, Tagapagturo, at Komunidad

TITLE I, PART A Parent & Family ENGAGEMENT STATEWIDE INITIATIVE

KUMPERENSYA SA BUONG ESTADO NG PFE SA 2024

MAG-IWAN NG MARKA

Bawat taon, nagho-host ng kumperensya ang Inisyatiba sa Buong Estado ng Pakikipag-ugnayan ng Magulang at Pamilya (Parent and Family Engagement Statewide Initiative) para sa mga pamilya at pati na rin sa mga tagapagturo. Maaaring gamitin ng mga magulang ang pondo ng Titulo I, Bahagi A para makadalo. Makipag-usap sa iyong distrito tungkol sa kung papaano ito gagawin para maipadala ang mga magulang. Gaganapin sa Houston, Texas ang Kumperensya sa Buong Estado ng PFE sa 2024 sa Oktubre 16-18, 2024.



PANGANGALAGA SA KALUSUGAN AT KASIYAHAN NG IYONG ANAK: ISANG GABAY PARA SA MGA MAGULANG

MULA SA INISYATIBA SA BUONG ESTADO NG PFE

Mga magulang, kumusta kayo! Talagang napakahalaga ng pangangalaga sa ating mga anak. Maaaring napakaabala ng buhay lalo na sa paaralan, mga gawain, at paglaki. Pero ang pinakamahalagang trabaho natin ay ang pagtiyak na magiging malusog at masaya ang ating mga anak. Kaya narito ang mga gabay na makakatulong sa iyo para maging dakilang magulang at tulungan ang iyong anak na lumaki nang maayos.

Alam mo bang napakahalagang kumain ng sapat na mga prutas at gulay? Nakakatulong ang mga ito para manatili tayong malusog. Kaya, siguraduhin mong kumakain ang iyong anak ng iba't ibang pagkain tulad ng mga prutas, gulay, buong butil, protinang walang taba, at masustansiyang taba. Mahalaga rin ang tubig. Tinutulungan nito ang ating mga katawan na gumana nang maayos, at tinutulungan tayo nitong mag-concentrate.

Mahalaga rin ang pag-eehersisyo. Hindi ito mahirap - ang paglalaro lang sa labas o pagsali sa mga isport ay nakabubuti para sa puso, nakakatulong sa atin na manatiling malusog, at nagbibigay sa atin ng maraming enerhiya.

Matapos ang isang buong araw ng pagiging abala at pag-aaral, napakahalagang magkaroon ng sapat at mahimbing na pagtulog. Nakakatulong ito para gumana nang mabuti ang ating utak, manatiling masaya, at matiyak na malusog tayo.



Talagang mahalaga rin kung ano ang nararamdaman mo sa bahay sapagkat naaapektuhan nito kung gaano ka kahusay sa pag-aaral. Mahalagang makinig ang mga magulang kung gustong makipag-usap ang mga anak at tiyaking nararamdaman nilang ligtas sila at minamahal. Kung talagang nalulungkot at nag-aalala ang mga bata, ayos lang na humingi ng tulong sa nasa hustong gulang o guro.

Panghuli, tandaan na iniidolo ng mga anak ang kanilang mga magulang. Gusto nilang maging kagaya natin, mainam na maging magandang huwaran tayo sa kanila. Ipakita sa kanila kung paano maging malusog, maging maganda ang pakiramdam tungkol sa kanilang sarili, at gumawa ng mabubuting pagpili.

Sa pamamagitan ng mga bagay na ito, matutulungan mo ang iyong anak na manatiling malusog at masaya. At ang lahat ng mabuting pag-uugali na natutunan nila ngayon ay makakatulong sa kanilang buong buhay. Kaya, tandaan, na ang maliliit na hakbang ngayon ay patungo sa isang magandang kinabukasan.

PAGPAPAUNLAD SA EDUKASYON NG IYONG ANAK: PAANO MAAARING MAKATULONG ANG PAKIKIPAG-USAP SA MGA GURO

MULA SA INISYATIBA SA BUONG ESTADO NG PFE

Habang nagbabago ang mga kulay ng mga dahon sa taglagas, oras na para pag-usapan ang isang napakahalagang bagay para sa paglalakbay ng iyong anak sa pag-aaral: ang pakikipag-usap sa mga guro ng iyong anak. Gaya ng isang tulay na nag-uugnay sa dalawang lugar, makakatulong ang mabuting komunikasyon sa pagitan ng tahanan at paaralan ng iyong anak para gawing mas mahusay ang pag-aaral. Pag-usapan natin kung paano ka makakabuo ng matibay na ugnayan sa mga guro ng iyong anak sa buong taon ng pag-aaral.

GUMAWA NG PARAAN AT MAKIPAG-USAP

Sa halip na hintaying magkaroon ng mga problema, mas mainam na ikaw ang magpasimula ng usapan. Maaari kang magtanong tungkol sa mga takdang aralin, ano ang nangyayari sa silid-aralan, o anumang bagay tungkol sa pag-aaral ng iyong anak. Ipinapakita ng pagsasagawa ng unang hakbang na gusto mong makipagtulungan sa mga guro para matulungang matuto ang iyong anak.

IBAHAGI ANG PERSONAL NA IMPOR-MASYON

Gusto ng guro na makilala nang mabuti ang iyong anak. Kaya, sabihin sa kanya ang tungkol sa iyong pamilya, tulad ng pamamasyal na ginawa ninyo, tungkol sa kalusugan na dapat malaman, o ibang mahahalagang bagay. Makakatulong ito sa mga guro para mas maunawaan ang iyong anak at suportahan sila sa tamang paraan.

GUMAMIT NG IBA'T IBANG PARAAN NG PAKIKIPAG-UGNAYAN

Sa panahon ngayon, nagagawa na nating makipag-ugnayan sa isa't isa sa maraming paraan, tulad ng mga email, newsletter, at app ng paaralan. Malaking tulong ang mga ito para makakuha ng mga update tungkol sa mga nangyayari sa paaralan tulad ng mga takdang aralin at mahalagang pangyayari.

MAKIPAGTULUNGAN PARA SA TAGUMPAY

Maraming alam ang mga guro tungkol sa pagtuturo, at marami ka namang alam tungkol sa iyong anak. Sa pamamagitan ng pagtutulungan, maaari kayong magtakda ng mga layunin at bumuo ng mga plano para matulungan ang iyong anak na matuto nang mabuti.

IPAGDIWANG ANG MGA BAGAY NA NAISAKATUPARAN

Dapat ipagdiwang kahit na ang mga maliit na tagumpay. Kapag pinupuri mo ang iyong anak para sa mga magandang nagawa, gumagaan ang kanyang pakiramdam at mas ginaganahang gumawa nang mabuti.

LUTASIN ANG MGA PROBLEMA NANG MAGKAKASAMA

Kung magkaroon ng mga problema at alalahanin, pag-usapan ang mga ito sa positibong paraan. Tumutok sa paghahanap sa mga solusyon at gumawa ng plano para matulungan ang iyong anak na maging mas mahusay sa paaralan.

MALAKING TULONG ANG PAKIKIPAGTULUNGAN

Kung nagtutulungan ang mga magulang at guro, nakakatulong ito sa iyong anak na magtagumpay sa paaralan. Ang pakikipag-usap at pakikinig sa isa't isa ay lumilikha ng isang malakas na sistema ng suporta para sa edukasyon ng iyong anak. Maaari mong tulungan, hikayatin, at ipagdiwang ang mga nakamit ng iyong anak sa kanyang paglalakbay sa pag-aaral.

PAGLALAHAD NG AKADEMIKONG TAGUMPAY: ISANG GABAY PARA SA MGA MAGULANG TUNGKOL SA TAKDANG ARALIN AT MGA PAG-UUGALI SA PAG-AARAL

MULA SA INISYATIBA SA BUONG ESTADO NG PFE

Mga magulang, mayroon kayong mahalagang papel sa paglalakbay sa pag-aaral ng iyong anak, lalo na pagdating sa takdang aralin at pag-aaral. Narito kami para magbigay ng kapaki-pakinabang na gabay para mas maunawaan ang mga bagay na ito at gawin itong pagkakataon para sa paglago at pag-aaral.

PANANATILI SA LANDAS

Bumuo ng regular na rutina sa takdang aralin sa isang tahimik na lugar na walang gumagambala na akma sa natural na iskedyul ng iyong anak. Maaari itong gawin pagkatapos ng klase o pagkatapos ng maikling pahinga. Makakatulong ang rutinang ito para matuto ng disiplina ang iyong anak.

HIKAYATIN ANG PAGTATANONG

Turuan ang iyong anak na magtanong. Mas mabuting malaman mo ang higit pa at maunawaan nang mabuti ang mga bagay. Makakatulong ito sa kanila para mag-isip nang mas malalim.

SUPORTA AT PASENSYA

Tandaan na natututo ang bawat bata sa kanilang sariling paraan. Taasan ang pasensya kung humaharap ang iyong anak sa mga hamon sa kanilang pag-aaral, at ibigay sa kanila ang tulong na kailangan nila.

ANG PAGIGING BALANSE ANG SUSI

Mahalaga ang mga gawain sa pag-aaral, ngunit hindi lang dito umiikot ang buhay. Tiyaking may oras ang iyong anak para sa iba pang bagay tulad ng pag-eehersisyo, malikhaing aktibidad, at paggugol ng oras sa pamilya.

MAGING MABUTING HALIMBAWA

Ipakita sa iyong anak kung paano pamahalaan nang maayos ang oras at maging mausisa sa pag-aaral na ikaw mismo ang gumagawa. Madalas na sinusunod ng iyong anak ang gabay mo. Subukang manatiling positibo tungkol sa takdang aralin. Maaari silang mahawa sa iyong pagkasigasig at magiging madali nalang sa kanila ang mga gawain.



MGA TATANGGAP NG MGA MAAASAHANG KASANAYAN

Bawat taon, tumatanggap ang Inisyatiba ng Buong Estado sa Pakikipag-ugnayan ng Magulang at Pamilya ng mga aplikasyon mula sa mga distrito at/o paaralan na nagpapatupad ng mga kasanayan na may mataas na pakikipag-ugnayan ng magulang at pamilya. Pinipili ang mga kasanayang ito sa:

- layunin ng pagsasanay,
- katibayan ng mas mahusay na resulta ng mag-aaral, at
- kung nakikilahok ang lahat sa pangangalap ng data, pagpaplano, at pagsusuri.

Sa taong ito, nagkaroon ng maraming aplikasyon, kabilang ang ilan na inaasahan naming mag-apply muli sa susunod na taon kapag nasuri at naayos na nila ang pagsasanay. Sa lahat ng naisumite, apat na paaralan ang nanguna sa bawat kategorya.

KLEIN ISD
PROMISE2PURPOSE

Ang ating unang tatanggap ay ang Klein Forest High School sa Klein ISD, kasama ang kanilang kasanayan na, “Pagtutulungan para sa Ating Mga Pamilya: Programa sa Edukasyon ng Magulang at Pamilyang Nakikipag-ugnayan na Nakikipagtulungan nang Magkakasama.” Nagbibigay ang kasanayang ito ng suporta sa pamilya para sa pagiging magulang sa mga mag-aaral at kanilang mga magulang/tagapangalaga sa pamamagitan ng paglikha ng isang pangkat ng mga partikular na klase ng pagiging magulang na magpapayaman, maghahanda, at magbibigay ng lakas sa mga indibidwal na ito na palakasin ang kanilang kakayahan bilang mga magulang at magbigay ng sumusuportang komunidad.

Ibibigay ang ikalawang parangal sa Bilingual & ESL Department sa Nacogdoches ISD kasama ang kanilang kasanayan na, “Alianza Conexion Hispana Advisory Committee.” Nagbibigay ang kasanayang ito sa mga mag-aaral, magulang, kawani ng paaralan, at miyembro ng komunidad ng pagkakataon na maging bahagi ng proseso ng paggawa ng desisyon ng distrito ng paaralan, gumawa ng isang ligtas na lugar kung saan maaari silang magkaroon ng boses, magbahagi ng kanilang saloobin para mapabuti ang kalidad ng mga kasanayan sa ating distrito at gumawa ng pagbabago sa mga patakaran at regulasyong nakakaapekto sa ating mga mag-aaral. Nilalayon din ng komite ng pagpapayo ng Alianza Conexión Hispana na iugnay ang agwat sa pagitan ng mga magulang, mag-aaral, miyembro ng komunidad, at ang ating kasalukuyang mga komite ng paaralan.

NACOGDOCHES
INDEPENDENT SCHOOL DISTRICT

NORTH EAST
INDEPENDENT SCHOOL DISTRICT

Ibibigay ang ikatlong parangal sa Regency Place Elementary sa North East ISD para sa kanilang kasanayan na, “Mga Team ng Magulang-Guro sa Akademiko” kilala rin bilang “Academic Parent-Teacher Teams (APTT).” Ang kasanayang ito ay isang modelo sa pakikipagtulungan ng pakikipagkumperensya na nakikibahagi sa mga pamilya sa pag-aaral ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagsasaayos sa mga konsepto ng pagkatuto sa antas ng baitang, data ng performance ng mag-aaral, at pakikipag-ugnayan ng pamilya at guro bilang isang panggrupo/team na setting.

MGA TATANGGAP NG MGA MAAASAHANG KASANAYAN, IPINAGPATULOY

Ibibigay ang ating panghuling Parangal sa Mga Maaasahang Kasanayan sa St. Anthony Academy sa Dallas para sa kanilang kasanayan na, “Gabi ng Preview ng Magulang.” Ang kasanayang ito ay isang hapunan at panggabing programa na kung saan ipipresenta ng mga guro at punong-guro ang kurikulum at mga inaasahan sa paparating na anim na linggo. Kung hindi makakadalo nang personal ang mga magulang, maaari silang dumalo sa virtual na paraan.

Gustong-gusto naming malaman ang tungkol sa mga huwarang kasanayan na ginagawa ng iyong paaralan para makibahagi ang mga pamilya at ang komunidad. Para sa pagkakataong matanggap ang gantimpalang ito sa Kumperensya ng PFE sa 2024, mag-apply sa pamamagitan ng pagsagot sa Google Form sa website ng Inisyatiba ng PFE. Paparangalan ang bawat nanalo sa aming Kumperensya ng PFE, mabibigyan ng pagkakataon para ipresenta ang kanilang kasanayan na karapat-dapat sa parangal sa Kumperensya ng PFE, at kikilalanin sa aming Newsletter at sa aming website.

Ipino-post sa aming website ang Koneksyon sa Pag-aaral ng Pamilya (Family Learning Connection) nang apat na beses sa isang taon para sa mga magulang at tagapagturo sa Texas. Available ang pahayagang ito sa Espanyol, Vietnamese, German, Tagalog, at Korean pati na rin ang ibang wika sa pamamagitan ng aming account sa SMORE, sa PFE Texas.

Patnugot
Shannon Lang, Tagapag-ugnay
Titulo I, Bahagi A Pang-estadong Inisyatibo sa Pakikibahagi ng Magulang at Pamilya
http://r16.us/PFETX

Administrasyon
Dr. Tanya Larkin, Punong Tagapagpaganap
Region 16 Education Service Center
www.esc16.net

Texas Education Agency
Cory Green, Associate Commissioner
Departamento ng Pangasiwaan ng Mga Kontrata, Gawad at Pananalapi
www.tea.texas.gov

BIBLIOGRAPIYA

Center for Strategic & International Studies. (n.d.). Three Billion People Cannot Afford Healthy Diets. What Does This Mean for the Next Green Revolution? Nakuha mula sa Center for Strategic &International Studies.

Singh, M. (n.d.). Some Early Childhood Experiences Shape Adult Life, but Which Ones? Nakuha mula sa NPR Health.

Voice of Play. (n.d.). New Survey from IPEMA and the Voice of Play Reveals Parents’ Attitudes on Importance of Play Behavior and Frequency. Nakuha mula sa Voice of Play.

Ang mga pananaw na ipinahayag ay hindi talagang ganap na mula sa Sentro ng Serbisyo sa Edukasyon ng Rehiyon 16, sa Titulo I, Bahagi A ng Inisyatiba sa Buong Estado ng Pakikipag-ugnayan ng Magulang at Pamilya (Parent and Family Engagement Statewide Initiative), o ang Ahensya ng Edukasyon ng Texas (Texas Education Agency). Ang lahat ng pananaw ng indibidwal o korporasyon ay mula mismo sa indibidwal o korporasyon.